

Taon XXXV Blg. 23 Disyembre 7, 2004 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Desperasyon ng rehimeng Arroyo, nagpapalala sa terorismo ng estado

hre 16 ay maitatala bilang isa sa p mal-dumal na mga krimen laban sa uring manggagawa at magsasaka. Muli nitong pinatingkad ang walang awang pambubusabos sa mga manggagawa't magsasaka at ang brutal na paggamit ng terorismo ng estado para yurakan ang kanilang pinakabatayang mga karapatan.

Nag-uumapaw ang galit ng mamamayan sa angkang Cojuangco at mga armadong tauhan ng rehimeng Arroyo sa walang habas na pagpapapatay nito sa mga di armadong manggagawa at magsasaka at sa walang pakundangang paglapastangan nito sa mga
demokratikong karapatan sa pag-uunyon, pagwewelga, pag-oorganisa at sama-samang pagkilos

ng mga uring pinagsasamantalahan at inaapi.

Ang masaker sa Hacienda Luisita ay tanda ng papatinding paggamit ng estado ng terorismo laban sa mamamayan—karahasan laban sa mga manggagawa at magsasaka upang supilin ang kanilang mga karapatan at

ng masaker sa Hacienda Luisita noong Nobyem- busalan ang kanilang mga sigaw. Ang paggamit ng bre 16 ay maitatala bilang isa sa pinakakaru- terorismo ay palatandaan hindi ng lakas ng estado,

kundi ng ibayong pagkabulok nito at kaakibat na desperasyon sa harap ng tumitinding krisis ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal.

Ang ibayong paggamit ng rehimeng Arroyo ng terorismo ay lubos na sinusuportahan ng imperyalismong US na lalu-

> Sariwa pa ang dugong dumanak sa Hacienda Luisita ay pinarangalan na ng imperyalismong US si Arroyo at hinirang na reyna ng "kontra-terorismo" sa

pang nalululong sa militarismo.

Asia-Pacific.

Habang tumatagal, lalong sumasandal si Arroyo sa Armed Forces of the Philippines (AFP). Kapalit ng tinatamasa yang suporta ng militar, qinaqawa Arroyo ang lahat upanq makuha ang katapatan ng mga upisval ng mili-

Mga tampok sa isyung ito...

18 armas, nasamsam sa Bulacan

PAHINA 5

Edukasyong Pilipino: Komersyalisado at maka-dayuhan

PAHINA 7

Ugnayan ng mga kontra-rebolusyonaryo PAHINA 11 tar. Ang mga retiradong upisyal ay hinihirang niya sa mga pinakaaasam na pusisyon sa burukrasya. Nagbubulag-bulagan siya sa harap ng pang-aabuso ng militar at walang sawa siya sa paghahabi ng mga kasinungalingan upang pagtakpan ang mga pangaabuso ng militar laban sa mamamayan.

Hinding-hindi maaaring palampasin ng mamamayan ang terorismo ng estado. Ang kahayupang ginawa sa Hacienda Luisita, maging sa iba't ibang sulok sa buong kapuluan, ay marapat tapatan ng isang makapangyarihang kilusan ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang demokratikong pwersa. Kailangang usigin ang mga salarin at igiit ang pagpaparusa sa kanila.

Dapat abutin, pukawin at pakilusin ang pinakamalawak na hanay ng mga manggagawa at magsasaka. Kailangang pagkaisahin sila upang labanan ang anti-manggagawa at anti-magsasakang mga patakarang itinataguyod ng rehimeng Arroyo. Bigyang-pansin ang mga partikular at pangkalahatang usaping ipinaglalaban ng mga manggagawa at manggagawang-bukid sa Haci-

enda Luisita.

Dapat kamtin ang pinakamalawak na suporta at simpatya ng mga panggitnang pwersa, kabilang ang mga simbahan, para kundenahin ang masaker at ang humahabang listahan ng mga paglabag sa karapatang-tao. Patigilin ang pambubusabos sa mga manggagawa at magsasaka at suportahan ang kanilang mga pakikibaka.

Ang mga biktima ng masaker sa Hacienda Luisita at kanilang mga kamag-anak ay nararapat ding magsampa ng mga karampatang kaso sa Joint Monitoring Committee na sumusubaybay sa pagpapatupad ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law. Karapatan din nilang

igiit ang mga imbestigasyon sa lahat ng posibleng larangan, tulad ng reaksyunaryong kongreso. Kailangang gawin ang lahat upang ibayong mailantad at matuligsa di lamang ang masaker kundi ang ilang dekada nang pang-aabuso ng mga Cojuangco at ang lahat ng antimanggagawa at anti-magsasakang mga patakaran ng reaksyunaryong estado.

Ang masaker sa Hacienda Luisita ay lalong nagpapasiklab sa galit ng masang manggagawa at magsasaka sa reaksyunaryong estado at sa mersenaryong AFP.

Sa harap ng matinding krisis panlipunan at lalong pagpapahirap ng rehimeng Arroyo sa mamamayang Pilipino, asahan natin ang ibayong paglawak ng mga pangekonomya at pampulitikang pakikibakang masa ng mga manggagawa at magsasaka, at ang tuluy-tuloy na paglawak at paglakas ng mga rebolusyonaryo at progresibong organisasyon nila.

Nabubulid ang reaksyunaryong estado sa malalang krisis pangekonomya at pampulitika. Kinakaharap nito ang pagkabangkrap ng papet na estado, kaguluhan sa loob ng AFP at PNP dahil sa malalaking iskandalo sa korapsyon at malubhang paksyunalismo at kaguluhan sa hanay ng mga reaksyunaryo bunga ng malawakang dayaan sa nakaraang eleksyon, laganap na korapsyon at maigting na agawan sa kurakot, pribilehiyo at pakinabang.

Higit sa lahat, nahaharap ito sa tumitinding paglaban ng mamamayang inaapi at pinahihirapan. Sa harap ng desperasyon ng reaksyunaryong estado, sadyang malaki ang posibilidad na maulit pa ang mga sagad-sagarang paggamit ng terorismo ng estado laban sa mamamayan, katulad ng masaker sa Hacienda Luisita. Sasagutin ito ng papalawak na protesta at papaigting na mga armado at di armadong paglaban ng mamamayang Pilipino.

# \*Bayan

Taon XXXV Blg. 23 Disyembre 7, 2004

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

### Nilalaman

### **Editoryal** Desperasy

Desperasyon ng rehimeng Arroyo,	
nagpapalala sa terorismo	1
Pananalanta ng estado	
Walang habas na paglabag sa	
CARHRIHL	3
Masaker sa Hacienda Luisita	3
18 armas nasamsam sa Bulacan	5
Luha ng buwaya	6
Edukasyong Pilipino	7
Rebolusyon at sosyalistang	
konstruksyon sa China	10
Ugnayang kontra-rebolusyonaryo	11
Tigil-pasada	12
-	

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



### Walang habas na paglabag sa CARHRIHL



atuloy ang walang habas na paglabag ng mga armadong pwersa ng reaksyunaryong estado sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) nitong nagdaang Nobvembre.

North Cotabato. Sinalbeyds ng mga elemento ng 39th IB sa ilalim ni Col. Arnold Quiapo ang Pulang mandirigmang si Renante "Ka Benjie" Ediza noong umaga Nobyembre 21 nq Barangay Kisante, Makilala. Si Ka Benjie, na kasapi ng Magtanggol Roque Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ay nasukol ng militar sa isang bahay kasama ang

mga kapwa mandirigmang sina Josephus Ramada, Jeramie Dante at Alibaoi Musa. Sa kabila ng pagtataas na niya ng kanyang mga kamay upang sumurender, sinaksak siya ng mga sundalo at ilang beses na pinagbabaril sa ulo hanggang sa sumabog ang kanyang utak sa sahiq. Ayon sa Merardo Arce Command **BHB** nq sundan sa pahina 4

### Karumal-dumal na masaker sa Hacienda Luisita

Pinakatampok sa mga paglabag sa karapatang-tao nitong Nobyembre ang masaker sa mga diarmadong welgista at kanilang mga tagasuporta sa Hacienda Luisita sa Tarlac City noong Nobyembre 16.

Nagimbal ang buong bansa nang marahas na buwagin ng may 1,000 militar, pulis at mga bayarang maton ng pamilyang Cojuangco ang welga ng mga manggagawa at mga tagasuporta nito sa Hacienda Luisita sa Tarlac City. Katulad ng Mendiola Massacre noong 1987, qumamit ang mga elemento ng pulisya at tatlong batalyon ng 703rd Infantry Brigade ng dalawang armored personnel carrier (APC), 10 trak ng militar, tirgas at malalakas na armas katulad ng M60 masinggan upang buwagin ang piketlayn ng United Luisita Workers Union (ULWU) at Central Azucarera de Tarlac Labor Union (CATLU) na noo'y 11 araw

nang nagwewelga.

Bunsod ng walang pakundangang pamamaril, 14 sa mga demonstrador ang kumpirmadong napatay—siyam sa kanila, sanhi ng mga tama ng bala sa iba't ibang bahagi ng katawan. Napatay sina Boy Versola; Jun David, 27, ng Barangay Cutcut; Juan Sanchez, Adriano Caballero, Jesus Valdez, 30, lahat ng Barangay Balete; Jhaire Basilio, 21, ng Barangay Mapalacsiao, Tarlac City; Jaime Pastidio, ng Barangay Motrico, La Paz, Tarlac; , Jesus Laza, 34, ng Barangay Parang, Concepcion, Tarlac; at Neng Balete.

Pitong bangkay pa lamang ang nakikita. Ang bangkay ng iba pa na nasaksihang pinatay ay hindi pa natataqpuan. Ayon sa mga kasapi ng ULWU at CATLU, nawawala rin ang 39 na sakada pagkatapos mangyari ang madugong dispersal. Ang nabanggit na mga sakada ay nirekluta ng tatlong kontraktor sa Visavas at Mindanao.

Nagtamo ng mga sugat sa iba't ibang parte ng katawan ang 111 katao. Karamihan sa kanila ay dinala sa iba't ibang pagamutan ng Tarlac City habang ang iba naman ay sa kanilang mga bahay ginagamot. Ilan sa mga nasugatan sina Florida Sibayan, Luisito Versola, Jesus Sosa, Sajid Ramos, Berto Sidora, Ricky Mendoza at isang konsehal nq barangay Mapalacsiao.

Iligal na inaresto at ikinulong ang 111 katao-16 sa kanila sa Criminal Investigation and Detection Group-Tarlac (CIDG) habang ang karamihan ay naroon sa Camp Macabulos, San Vicente, Tarlac City.

Bago ito, naitala rin ng KARA-PATAN ang mga kaso ng harasment at pananakot, pagsalakay at pagbuwaq ng piketlayn at pagwasak at pag-agaw ng mga ari-arian ng 78 katao kaugnay ng welga.



Southern Mindanao, nilabag ng militar ang Article 14 ng Geneva Conventions of 1949 at CARHRIHL dahil si Ka Benjie ay isang hors de combat o wala na sa katayuang lumaban. Kinumpirma ng autopsy sa bangkay ni Ka Benjie na siya ay sinaksak muna bago malapitang binaril.

Inireklamo rin nina Ramada, Dante at Musa na pinahirapan sila ng militar pagkatapos madakip. Tinanggihan ng militar ang hiling ng mga magulang ni Ramada na ipasuri muna siya sa isang doktor bago ipasa sa mga pulis.

Sa Albay. Pinatay noong gabi



ng Nobyembre 10 si Joel Barrameda Baclao, regional coordinator sa Bicol ng Promotion of Church People's Response (PCPR) at coordi-

nator din ng Andurog-Bicol, isang disaster relief program ng United Church of Christ in the Philippines. Si Baclao ay pinagbabaril sa labas ng kanyang bahay sa Daraga, Albay.

Isang linggo bago ang insidente, nakatanggap ng babala si Baclao na mag-ingat dahil kabilang daw siya sa *order of battle* o listahan ng mga nais patayin ng militar. Mas maaga pa rito, isang grupo ng mga sundalo ang pumunta sa bahay ni Baclao noong Setyembre 26 at nagtangkang halughugin ito, subalit napigilan sila ng byenan ni Baclao.

Sa Rizal. Dinukot noong madaling araw ng Nobyembre 9 ng 10 elemento ng Alpha Coy ng 80th IB sa pamumuno ni 1Lt. Mamintal Demapinto ang magtiyuhing sina Amador Estanislao, 42, at Rolando dela Cruz, 29, sa kanilang bahay sa San Jose del Monte, Bulacan. Nagpanggap na mga Pulang mandirigma ang mga sundalong

dumukot sa kanila. Natagpuan ang dalawang magsasaka na patay kinabukasan sa Sityo Lawa, Pinugay, Baras, Rizal na may tigdalawang tama ng bala sa ulo.

Ayon sa pahayaq nitong Nobyembre 12 ng l Narciso Antazo Aramil Command (NAAC) ng BHB sa Rizal, bukod sa pagpapanggap na mga gerilya, tinangka rin ng 80th IB na umiwas na mapagbintangan sa nangyaring pananalbeyds sa pamamagitan ng pagtatapon ng mga bangkay nina Estanislao at dela Cruz sa Baras, Rizal, malapit sa kampo ng 59th IB at 419th Provincial Mobile Group. Nasa Rodriguez, Rizal ang kampo na 80th IB.

Si Lieutenant Demapinto, na namuno sa pagdukot at pagsalbeyds ay dating elemento ng 204th Bde at sinanay ng berdugong si Gen. Jovito Palparan sa mabangis na panunupil sa karapatan ng mamamayan.

Ang 80th IB naman na kinabibilangan ni Demapinto ang responsable rin sa pamamaril sa apat na kabataang babae na edad 10 hanggang 14 anyos at kanilang drayber noong Abril 2004 sa San Rafael, Rodriguez, Rizal sa katawa-tawang paratang na mga kasapi sila ng Bagong Hukbong Bayan.

Sa Batangas. Sampu katao na pinaratangang mga gerilya ng BHB ang iligal na inaresto ng mga elemento ng 740th Strike Wing ng Philippine Air Force noong umaga ng Nobyembre 6 sa Barangay San Felipe, Cuenca, Batangas. Sina Danilo Mayo, Mary Ann Vibat, Ronnie Ferrer, Marichu Cataquiz, Paterno Atienza, Precy Balmes, Christopher Malabanan, Rufino Arante Tabares, Lijan Gunmay at Analiza Espiritu ay nagmula sa Abra de Iloq, Mindoro



Occidental at lulan ng isang dyip nang harangin sila ng tatlong sasakyan sa Batangas.

Ayon sa mga saksi, pinagbubugbog, pinagsisipa at binraso ang mga biktima at

sapilitang inilipat sa mga humarang na sasakyan. Dahil sa maagap na pagkakabunyag ng insidente, napilitan ang AFP na aminin nitong Nobyembre 9 na hawak nga nila ang mga arestado.

Siyam sa mga arestado, na tinaguriang "Mindoro 9," ang isinangkot ng militar sa mga pagatake ng BHB sa AFP noong 2002 at 2003. Taliwas sa sinabi ng AFP, walang mandamyento de aresto ang Mindoro Regional Trial Court laban sa sinuman sa mga biktima. Hanggang ngayon ay hindi pa rin pinahihintulutang umugnay sa kanilang mga pamilya at mga abuqado ang 10 arestado.

**Sa Davao del Norte.** Tatlong Ata-Manobo and napatay at

siyam ang nasugatan nang paulanan ng bala ng mga elemento ng paramilitar na grupong Alamara ang kanilang mga bahay bandang ala-una ng madaling araw noong Nobyembre 4 sa Sityo Kapatagan, Baran-

gay Gupitan, Kapalong.

Ang mga nasawing biktima ay sina Dao Mamborao, Letty Mamborao at Rosaly Sumpo samantalang ang mga sugatan ay sina Linda Sambag, Dikay Tiwog, Colas Mamatao, Ging-ging Mamboto, Juanito Tiwog, An-an Mamatao, Igay Mamatao at dalawang di pinangalanang bata na edad isa at dalawang taon.

Ayon sa mga saksi, ang masaker





ay kagagawan ng anim na elemento ng Alamara na pinamumunuan ni Romy Aragil, isang sundalo ng 72nd IB.

Sa Kalinga. Walang awang tinortyur at pinatay ng mga elemento ng 21st IB si Bagtang "Ka Awi" Bulawit, 27, noong Nobyembre 2. Si Bulawit, isang Pulang mandirigma sa ilalim ng Lejo Cawilan Command ng BHB sa Kalinga at Apayao, ay di armado nang arestuhin ng isang yunit ng 21st IB sa pamumuno ni 1Lt. Arvin Encinas sa Sityo Kilayon, Barangay Balantoy, Balbalan bandang alas-11 ng umaga. Isinailalim siya sa interogasyon ni Encinas at ni 2Lt. Benito Ramos, punong upisyal ng Charlie Coy ng IB. Nang walang mapigang impormasyon kay Bulawit, tinortyur siya at tuluyang pinatay bandang 1:30 ng hapon. Dalawa pang upisyal, sina 2Lt. Manuel Dumpao at 2Lt. Aurelio Kigis ng 49th Separate Rifle Coy ang sangkot din sa pagtortyur at pagpatay kay Bulawit.

Natagpuang nakasabit sa isang punong kahoy ang kanyang bangkay sa pagitan ng Sityo Kilayon at Sityo Ligayan, na may 13 tama ng bala at may mga palatandaan ng tortyur.

Ayon sa pahayag ni Ka Tipon Gilayab, tagapagsalita ng Lejo Cawilan Command, responsable rin ang 21st at 77th IB sa iba pang paglabag sa karapatang-tao sa Kalinga. Noong Agosto 25, apat na sibilyan ang nasugatan nang mag-istraping ang mga elemento ng 21st IB sa bayan ng Balantoy. Noon namang Disyembre 2003, pinatay ng mga elemento ng 77th IB sa bayan ng Pinukpuk si Victor Balais, isang mangangaso na pinagkamalang gerilya ng BHB. Bago ito, walang awang ipinailalim sa interogasyon at hindi man lamang ipinagamot ang sugatang mandirigma na si Leonard Angid noong Marso 2003.

# 18 armas, nasamsan ng BHB sa Bulacan

abingwalong malalakas na armas ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) nang tambangan nito ang isang platun ng Charlie Company ng 56th IB noong Nobyembre 30 sa Pasong Bangkal, San Ildefonso, Bulacan.

Ayon sa ulat ng BHB-Eastern Bulacan Command, nasamsam ng mga Pulang mandirigma ang isang M60, isang M203, tatlong M14 at 13 M16 matapos nilang gapiin ang mga sundalong nagsasagawa ng operasyon laban sa BHB. Nasamsam din ang GPS receiver, Motorola radio, mga pak at baril na dala-dala ng yunit at ilang mahahalagang dokumento.

Aabot sa 14 na sundalo ang namatay sa pananambang, kabilang si 1Lt. Ben Puyao na namuno sa inambus na



Samantala, nag-alay ng buhay si Kasamang Anacleto Butuan Jr., isang Pulang mandirigmang mula sa Calumpit, Bulacan. Dalawa ring gerilya ng BHB ang nagtamo ng di malubhang sugat.

### Operasyong militar, hindi pagsaklolo ang pakay ng 56th IB

Kasabay nito, mariing pinabulaanan ng BHB-Eastern Bulacan ang paratang ng AFP at ng rehimeng Arroyo na ang yunit ng 56th IB ay nagsasagawa ng "rescue operation" nang tambangan ito ng BHB.

Sa hangaring makuha ang simpatya ng mamamayan, pinalalabas ng mga tagapagsalita ng AFP at Malakanyang na ang mga tinambangang sundalo ay tumutulong sa pagsagip sa mga biktima ng sunud-sunod na bagyo nitong huling bahagi ng Nobyembre. Walang kahihiyang inuulit-ulit ng rehimen at ng AFP ang kasinungalingang ito upang palabasing walang malasakit ang BHB at hindi ito tumatalima sa mga alituntunin ng digma na mahigpit na nagbabawal sa pag-atake sa mga yunit na nagsasagawa ng humanitarian missions.

Hindi kailanman bahagi ng relief operations ng AFP ang naturang yunit. Sa panahong tinambangan ito, nagsasagawa ito ng operasyon sa balangkas ng Oplan Thunder, isang kampanyang militar ng 56th IB laban sa BHB sa Bulacan. Pinatunayan ito ng mga dokumento na naglalaman ng mga detalye ng operasyon, mga mapa, kodang ginagamit ng mga yunit na sangkot sa operasyon at iba pang materyal na nasamsam ng BHB mula kay Lieutenant Puyao. Saklaw ng naturang kampanya ang mga bayan ng Pandi, Norzagaray at Dona Angat, Remedios Trinidad.

Isang linggo bago ang pananambang, umatras patungong San Ildefonso ang mga kasama upang iwasan ang unang bwelo ng Oplan Thunder. Lingid sa kanilang kaalaman, nakapwesto na roon ang isang seksyon ng Charlie Company ng 56th IB at naghahandang mag-operasyon patungo sa Dona Remedios Trinidad. Koordinado itong kumikilos kasabay ng Alpha (na nasa Talagyo, San Ildefonso) at Bravo Company (sa Akle, San Ildefonso) at isa pang seksyon ng Charlie Coy ng 56th IBPA na nasa Maronguillo, San Rafael, Bulacan. Target nilang makarating sa loob ng tatlong araw sa pinaghihinalaan nilang pinagkakampuhan ng BHB sa Kamatsing, Dona Remedios Trinidad.

### Luha ng buwaya

Tagluluhang-buwaya ang rehimeng Arroyo at AFP sa nagdaang trahedya kung saan daan-daan katao ang namatay at libu-libo ang nawalan ng kabuhayan at tirahan bunga ng pagguho ng lupa at malalaking biglaang pagbaha nang hambalusin ng mga bagyong "Violeta," "Winnie" at "Yoyong" nitong Nobyembre at Disyembre ang bansa. Muling tumingkad ang pagiging bulnerable ng mamamayan laluna yaong mga nakatira sa paanan ng kabundukan. Pinakaapektado ang hilagang Quezon, Aurora at ilang bahagi ng Nueva Ecija—mga lugar kung saan laganap ang walang pakundangang pagtotroso.

Mabilis na isinisi ng rehimen at ng AFP ang kalamidad sa maliliit na magtotroso na napilitan lamang iwan ang pagsasaka at magtrabaho sa malalaking kumpanya ng pagtotroso matapos kamkamin ng malalaking *logging concessionaire* ang kanilang mga lupain.

Pilit pinagtatakpan ng rehimen at ng AFP ang papel ng reaksyunaryong gubyerno na nagbigay-pahintulot sa malawakang pagtotroso at ng militar na nagsisilbing pwersang panseguridad ng malalaking



logging concessionaire. Ang malawakan at mapangwasak na mga operasyon ng naturang mga kumpanya sa loob ng napakahaba nang panahon ang tunay na dahilan ng pagkakalbo ng kagubatan at mga delubyong dala nito.

May gana pa ang rehimen at AFP na akusahan ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) ng pakikipagsabwatan sa mga kumpanya ng pagtotroso gayong mula pa noong 1969 ay nilalabanan na ng BHB, katuwang ang mamamayan sa kanayunan at kabundukan, kapwa ang ligal at iligal na pamumutol ng kahoy ng malalaking kumpanya ng *logging* sa buong bansa. Katunayan, bilang pagtutol sa walang pakundangang pagkalbo sa kagubatan ng bansa, inilulunsad ng BHB at ng mga rebolusyonaryong pwersa ang mga kampanyang armado at di-armado laban sa

"Luhang buwaya...", sundan sa pahina 7

Edukasyong Pilipino

Nananatiling komersyalisado at nakatuon sa dayuhang interes


a State of the Nation Address ni Gloria Arroyo noong nakaraang Hunyo, isa sa kanyang suntok sa buwang mga pangako ang islogang "edukasyon para sa lahat"—isang kamuhi-muhing pagtatangka na pahupain ang namumuong disgusto ng kabataan laban sa kanyang bulok at papet na rehimen. Wala itong balak o interes na baguhin ang komersyalisado, kolonyal at mapanupil nag edukasyong malaon nang pinalalaganap sa bansa.

Napakamahal na edukasyon. Ayon sa pag-aaral ng Alliance of Concerned Teachers (ACT), aabot sa ₱10,000 kada taon ang ginagastos ng isang pamilya para sa pagaaral ng isang anak sa pampublikong paaralang elementarya o segundarya para sa iba't ibang gastusing pang-edukasyon. Higit na mas mahal ang edukasyong kolehiyo. Sa minimum, aabot sa

₱3,100 kada taon ang matrikula sa isang college/university. Ngunit mangangailangan ang isang estudyante ng ₱6,900 kada buwan (₱34,500 kada semestre) para sa iba pang mga gastusin.

badyet para sa edukasyon,

"Edukasyon...", sundan sa pahina 8



"Luhang buwaya...", mula sa pahina 6 malalaking logging concessionaire, qayundin sa mga kumpanya sa pagmimina na pagmamay-ari ng mga dayuhang kapitalista at malalaking

burgis-kumprador.

Ang mga kumpanyang ito, kasabwat ang mga reaksyunaryong ang kumakalbo sa nasa poder, kagubatan ng bansa mula pa noong maaqang bahagi ng siglong 1900. Gayon na lamang ang pagkahumaling ng mga reaksyunaryong uri sa limpak-limpak na salaping kinakamal nila sa pagtotroso kung kaya mahiqit 29 milyong ektaryang kaqubatan na ang kinalbo nila mula noong dekada 1950. Taun-taon, aabot sa 200,000 puno ang kanilang pinuputol at di pinapalitan. Nagreresulta ito sa pagkaagnas ng halos isang bilyong metro kubiko ng matatabang lupa na maaari sanang sakahin at sa pagkamatay ng aabot sa 30% ng mga ilog ng bansa. Sa ngayon, ni hindi na

umaabot sa isang milyong ektarya ang natitirang gubat sa bansa.

Iniluluwas ng naturang mga kumpanya pangunahin sa Japan at US ang mga kahoy na mula sa kagubatan. Ang ganitong kalakalan ay inengganyo ng magkakasunod na mga papet na rehimen. Mula noong dekada 1990, lalong bumwelo ang ligal at iligal na pagtotroso sa ilalim ng patakaran ng liberalisasyon na puspusang itinutulak ni Gloria Macapagal-Arroyo.

Mula't sapul ay malinaw ang tindig ng Partido Komunista ng Pilipinas, ng BHB at ng buong rebolusyonaryong pwersa laban sa malawakang pagwasak sa kapaligiran na idinudulot ng panghuhuthot at kasakiman ng mga dayuhan at lokal na kapitalista kasabwat ang reaksyunaryong gubyerno. Bunga ng mga pagsisikap ng BHB, may mga bahagi ng kagubatan sa Northern Luzon at Mindanao na napepreserba hanggang sa ngayon.

Aktibong nilalabanan ng BHB ang pwersahang pagpapalikas ng mga magsasaka at minorya mula sa kagubatan para lamang maluwag na makapwesto ang mga kumpanya ng pagtotroso at pagmimina. Pinarurusahan nito ang mga yunit militar na naqsisilbing mga pwersang panseguridad ng naturang mga kumpanya. Sa abot ng makakaya, tahasang ipinagbabawal ng BHB ang pagtotroso ng malalaking kumpanya sa mga sonang gerilya. Sa maraming pagkakataon, winawasak ng BHB ang mga kagamitan ng mga kumpanya ng pagtotroso upang pigilin ang kanilang mga operasyon.

Sa kabilang banda, ipinatutupad ng BHB ang rebolusyong agraryo upang mahikayat ang maliliit na magtotrosong nagtatrabaho para sa mga malalaking kumpanya na bumalik sa pagsasaka o maghanap ng ibang pagkakakitaun-taon ay lumalaki ang matrikula sa mga pampublikong paaralan. Katunayan, simula 1998 ay mas malaki pa ang itinaas ng matrikula ng mga pampublikong kolehiyo at unibersidad kumpara sa mga pribadong paaralan.

Kung napakamahal na ng mga pampublikong paaralan, abot-langit naman ang matrikula ng mga pribadong paaralan. Sa mga paaralang ito, kailangang mag-

bayad ng ₱22,200 para sa matrikula at iba pang bayarin kada semestre. Parang holdap naman ang \$65,000 kada semestre na matrikula sa mga eksklusibong paaralan. Sa nakalimang raang taon, tumaas ang matrikula nang kabuuang habang ang mqa

Tiba-tiba kung kumita ang mga pribadong paaralan. Aabot sa 952 mga kole-

karaniwang *miscellaneous* 

fees ay tumaas nang 140%.

hivo at unibersidad av mga stock corporations o kusang itinayo para sa layuning kumita. Ang pinakamalalaki sa mga ito na pinangangasiwaan ng pinakamalalaking negosyante ay kabilang sa Top 1000 corporations ng bansa. Kabilang dito ang University of the East ni Lucio Tan, Mapua Insitute Technology ni Alfonso Yuchengco, Asia Pacific College ni Sy Henry at Centro Escolar University ni Emilio Yap. Noong 2003, siyam na pribadong paaralan, na may pinagsamang kita na ₱1.13 bilyon, ang kabilang sa Top 1000 corporations.

Malaon nang binigyang-laya ng reaksyunaryong gubyerno ang mga pribadong paaralan na walang pakundangang magtaas ng matrikula at iba pang bayarin. Maiuugat pa ito sa Education Act na ipinasa ng diktadurang Marcos noong 1982. Nitong 1997, ipinasa ang Higher Education Modernization Act (HEMA) kung saan binigyangkapangyarihan ang Board of Regents ng mga pampublikong paaralan na magtaas ng mga bayarin.

Katulad ng mga naunang reaksyunaryong rehimen, walang intensyon ang rehimeng Arroyo

na maglaan ng sapat na pondo para sa edukasyon. Sa pambansang badyet noong 2003, ₱130 bilyon o 30% lamang ng GDP ang inilaan nito para sa edukasyon—kalahati sa

inirerekomendang porsyento kahit ng United Nations. Kung masusunod ang rehimen, ipatutupad na lamang nito muli ang badyet ng 2003 para sa susunod na taon. Batay sa pinaka-

huling pagtaas ng mga bilihin at pagbagsak ng halaga ng piso, aabot lamang sa P74 bilyon ang tunay na halaga ng P130 bilyong badyet sa edukasyon. Aabot lamang sa P9.51 bilyon ang tunay na halaga ng P16.69 bilyong alokasyon para sa 111 pampublikong unibersidad at kolehiyo.

Edukasyon para sa dayuhang interes. Nananatiling nakabalangkas sa mga interes ng imperyalismo at mga korporasyon nito ang mga mayor na patakaran sa edukasyon ng reaksyunaryong estado. Sa pamamagitan ng mga paaralan, naididikdik sa kamalayan ng mga batang Pilipino ang kaisipan at pananaw na nagbibigaykatwiran sa kasalukuyang malapyudal at malakolonyal na sistemang panlipunan. Ang mga paaralan ang

naghahanda sa ilan sa kanila upang mangasiwa sa reaksyunaryo at papet na gubyerno habang ang iba ay sinasanay upang magsilbing mga manedyer at teknokrata ng mga monopolyong korporasyon. Ang mas nakararami ay sinasanay bilang sunud-sunurang mga manggagawa na handang tumanggap ng napakaliit na sahod.

Sa ilalim ng islogang "globalisasyon", ipinatupad noong 2002 ang Revitalized Basic Education Curriculum (RBEC) o Makabayan curriculum sa elementarya upang gawin diumanong globally competitive ang kabataang Pilipino. Ginawang lima na lamang ang mga core subject—English, Science, Math, Filipino at Makabayan. Pinagsama-sama sa Makabayan ang araling panlipunan, musika, PE, Health and Technology at Home Economics. Habang pinasaklaw ang pagtuturo ng English, Math at Science na nakabalangkas sa mga pangangailangan ng malalaking kumpanya, halos binibitawan na ang pagtuturo ng kasaysayan at mga araling panlipunan na maaaring kapulutan ng pagkamakabayan at militansya.

Nagkumahog noon ang rehimeng Arroyo na agad ipatupad ang RBEC dahil kundisyon ito ng IMF-WB sa hinihinging utang ng rehimen para sa edukasyon. Walang kakurap-kurap ding iniutos ni Arroyo ang paggamit ng Inqles bilang midyum sa instruksyon sa mga paaralan. Noon, maging sa ngayon, kinikilala nq mqa imperyalistang institusyon ang kahalagahan ng edukasyong primarya sa pagpapaunlad ng kinakailangang mga manggagawa sa hinaharap.

Para sa hayskul at kolehiyo, nagdidiin ang mga imperyalistang institusyon sa edukasyong boka-

"Edukasyon...", sundan sa pahina 9

Mga tagumpay ng sosyalistang rebolusyon at konstruksyon sa China ng 1949-1976

# Sagot sa krisis pang-ekonomya: Rebolusyon at sosyalistang konstruksyon

(Ikatlong bahagi)



Sa batayan ng pag-unlad ng lokal na produksyon sa industriya at agrikultura at pagpapaunlad ng ugnayang panlabas, napaunlad rin ang kalakalang panlabas ng China. Noong 1949, mula sa dating kalakalang panlabas na tali at kontrolado ng imperyalismo, sinimulan ng mamamayang Tsino ang bagong sistema ng pakikipagkalakalan na nakabatay sa pantay na ugnayan at mutwal na pakinabang; gayundin, sa batayan ng palitan ng karanasan at pagpapaunlad ng pakikipagkaibigan ng mamamayang Tsino sa iba't ibang mamamayan ng daigdig.

Maunlad ang ugnayang pangkalakalan ng China at mga sosyalistang bansa sa batayan ng internasyunalismo at pagtulong sa isa't isa. Maunlad rin ang kalakalan sa mga mapagkaibigang bansa sa Asia, Africa at Latin America sa batayan ng kapwa pagsuporta sa pagpapaunlad ng ekonomya. Tuluy-tuloy ding lumaki ang ugnayang pangkalakalan sa mga kapitalistang bansa.

Sa pag-unlad noon ng ekonomya ng sosyalistang China, lumaki nang lumaki ang dami at halaga ng mga produktong nailuluwas nito. Sa loob ng walong taon hanggang 1973, lumaki nang 2.5 ulit ang halaga ng eksport ng China. Animnapu't limang porsyento ng mga eksport ng sosyalistang China ay mga produktong minanupaktura. Kabilang dito ang mga instrumentong pangmakinarya, mga kagamitang pangkonstruksyon, mga instrumentong siyentipiko, mga panukat, aparatong medikal, mga bisikleta, makinang

"Edukasyon...", mula sa pahina 8

syonal-teknikal upang tiyakin na mayroong sapat na bilang ng mga semi-skilled workers para sa mga monopolyong korporasyon.

Sa balangkas ng labor export policy ng reaksyunaryong gubyerno, dinidireksyunan ang edukasyon at pagsasanay ng mga kabataang Pilipino upang diumanoy maging "globally competitive" ang mga ito. Idinidiin ito ng mga ahensyang pang-edukasyon upang epektibo nilang mailako at maibenta ang lakas paggawa ng kabataan sa ibang bansa. Hindi kataka-taka, lalupa't ang mga remitans na lamang ng overseas

contract workers ang nagpapalutang sa bangkaroteng ekonomya ng bansa.

Isang kongkretong halimbawa ng pagdidiin ng edukasyon para sa dayuhang pangangailangan ang pagtutulak at pagsuporta sa mga eskwelahan upang magbigay ng kursong nursing at caregiver training programs matapos magbukas ang US, Canada at UK para sa naturang mga manggagawa. Sa loob lamang ng isang taon, aabot sa 758 ang mga eskwelahang itinayo upang magbigay ng caregiver training. Sa 54,644 gradweyt ng mga ito, 18,878 na ang agad na

lumabas ng bansa.

Gayundin, itinatayo ngayon ang mga call center training schools upang tugunan lumalaking pangangailangan ng mga dayuhang monopolyong korporasyon para rito. Ang "industriya" ng call center na lamang ang tanging sektor ng ekonomya na lumilikha ng bagong empleyo sa ngayon. Gayunpaman, ang mga kumpanyang ito ay lubhang mapagsamantala lalupa't itinatag ang mga ito ng mga monopolyong korporasyon upang makapagtipid ng gastos sa negosyo sa kanikanilang mga bansa.

panahi, kamera at iba't iba pang mga produkto. Nakapagluwas na rin noon ang China ng langis matapos nitong matugunan ang sariling pangangailangan.

Sinikap ng China na umasa sa sarili. Itinuon nito ang produksyon sa pagtitiyak sa pangangailangan ng mamamayan at ekonomya. Sa ganitong balangkas isinagawa noon ng China ang pag-aangkat ng ilang mga produkto tulad ng bakal, mga sasakyan, barko, eroplano, mga makinarya, goma, pataba, insecticide at iba pa. Isinagawa ito sa planadong paraan tungo sa lalong pagpapaunlad ng produksyon at para matiyak ang suplay ng iba't ibang klase ng mga produktong pangkonsumo.

### Pag-unlad sa kabuhayan ng mamamayan

Sa ilalim ng sosyalismo, ang mamamayang Tsino ay nabuhay nang may kasiguruhan habang tuluy-tuloy na umangat ang kanilang antas ng pamumuhay. Tiniyak noon ng gubyernong bayan sa pamumuno ng Partido Komunista na pangunahing binibigyang-konsiderasyon ang interes ng mamamayan.

Pagkatapos magtagumpay ng rebolusyon, kagyat na nilutas ang problema ng disempleyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng trabaho alinsunod sa pangangailangan ng pambansang rekonstruksyon. Sa mabilis na pagsulong ng sosyalistang konstruksyon, nalutas ang problema ng kawalan ng trabaho. Pagsapit ng 1957-58, wala nang disempleyo sa China.

Ang ipinatupad noong sistema ng sahod ay nagdiin sa pangangailangang paliitin ang agwat ng pinakamataas at pinakamababang antas ng sahod. Kasabay niyon, nagpatupad ng mga pagtaas ng sahod. Pagsapit ng 1973, ang karaniwang sahod ng mga mangga-

gawa ay 150% mas mataas kumpara sa mga unang taon ng sosyalistang rebolusyon. Subalit higit pa sa pagtataas ng sahod, tiniyak ang istableng kabuhayan ng mamamayan sa

pamamagitan ng kaseguruhan sa empleyo, matatag na mga presyo, mababang paupa sa mga tirahan (na 4-5% lamang ng buwanang sahod), kawalan ng *income tax* at pagtiyak sa mga pampublikong serbisyo sa edukasyon at kalusugan.

Siniquro ng estado ang mga gastos sa panganganak, sa pagtanda o kapag napipinsala o nababalda. Kapag nagkakasakit, ang mga manggagawa ay nabibigyan ng 40-100% ng kanilang sahod, habang sinasagot ng estado ang kanilang gastusing medikal. Kapag napinsala habang nagtatrabaho, tumatanggap ang mga manggagawa ng 100% ng kanilang sahod habang nagpapagaling. kababaihan ay binibigyan ng 56araw na bayad na maternity leave, at lahat ng gastusin sa ospital ay binabalikat ng estado. Binabalikat din ng estado ang gastusing medikal ng mga nagkakasakit na kamag-anak ng mga manggagawa sa empresa ng estado. Ang mga nagreretiro ay tumatanggap ng 50-85% ng kanilang sahod bilang pensyon. Naglaan ang estado ng pondo para sa seguro ng mga manggagawa na hindi kinakaltas sa kanilang sahod.

Sa panahon ng sosyalismo, tuluy-tuloy ding tumaas ang kita ng mga magsasaka kasabay ng pagunlad ng produksyon at pagsasagawa ng sosyalistang transpormasyon sa agrikultura. Nakapagtipon ng reserbang butil ang mga brigadang pamproduksyon at mga pamilya. Naitaas ang kita ng mga magsasaka sa pamamagitan



kultura.

ng pagtataas ng presyo ng butil at iba pang produkto ng mga magsasaka, kasabay ng pagbababa ng presyo ng mga produktong industriyal at mga makinaryang pang-agri-

Ilang ulit na tumaas ang antas ng kabuhayan ng mamamayan sa kalunsuran at kanayunan sa pagpapataas ng kita at ng kakayahang bumili. Dahil dito, patuloy na tumaas noon ang pagkonsumo ng karne, itlog, mga gulay at mga kagamitang pambahay. Bagamat itinaas ang presyo ng mga produktong agrikultural upang itaas ang kita sa kanayunan, pinanatili ng estado ang presyo nito sa pamilihan upang tiyakin ang kabuhayan ng mamamayan sa mga syudad at kabayanan. Tuluy-tuloy ding ibinaba ng sosyalistang estado ang presyo ng gamot. Bumaba nang 80% and presyo ng ilang importanteng gamot mula 1950 hanggang 1973.

Upang lutasin ang malawak na problema ng pabahay, kaagad nagtayo ang estado ng mga apartment at iba pang tirahan para sa mga manggagawa. Isa itong malaking pagsulong sa kabuhayan ng milyun-milyong manggagawa na dating naninirahan sa mga barungbarong.

Natamo ng mamamayang Tsino ang matatag at masayang buhay sa ilalim ng bandila ng sosyalistang rebolusyon noong 1949-1976. Ipinakita nila na ang paglaya mula sa krisis, kahirapan at kagutuman ay makakamit lamang sa pagwawakas ng bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal at pagtataquyod ng isang estadong pinamumunuan ng proletaryado at kumakatawan interes sa nq malawak na mamamayan. ΑB

# Kaugnayan ng mga kontrarebolusyonaryong grupo sa mga Trotskyista at Sosyal-Demokrata

pinakikita ng diagram na ito ang kaugnayan ng mga lokal na grupong repormistang petiburges at pseudo-rebolusyonaryo sa mga internasyunal na pormasyong Trotskyista at Sosyal Demokrata. Masisilip dito ang tunay na makauring kulay ng mga grupong ito na pawang nag-aastang progresibo o rebolusyonaryo.


Sa buong daigdig, ang mga Sosyal Demokrata ay mga petiburges na partidong sumasabit sa pundilyo ng malalaking partidong burges. Nag-

aasta silang progresibo at sumisigaw ng "sosyalismo" upang iligaw ang pakikibaka ng proletaryado mula sa rebolusyonaryong landas tungo sa landas ng repormismo at parlamentarismo. Karaniwan silang nagkakasya sa paglahok sa eleksyon at pagpupwesto ng ilang kinatawan sa estadong burges. Ginagamit silang palamuti ng demokrasyang burges.

Sa kabilang panig, ang mga Trotskyista ay kilalang sumasabotahe sa mga kilusang masa sa

pamamagitan ng pagsigaw ng mga islogang lampas sa aktwal na antas ng kamulatan ng mamamayan at hindi angkop sa umiiral na sistemang panlipunan. Kasabay nito, ang mga Trotskyista ay kilala ring biglang pumapaling sa Kanan kapag humuhupa ang mga pampulitikang pagkilos ng mamamayan.

Ang diagram ay inihanda ng Kagawaran sa Gawaing Internasyunal ng Partido Komunista ng Pilipinas.



## Tigil-pasada

atagumpay na naipakita sa pambansang tigil-pasada noong Nobyembre 25 ang matatag na pagkakaisa at lakas ng mga sektor sa paggawa at transportasyon bilang pampulitikang pwersa na patuloy na humahamon sa mapang-aping gubyerno at naghaharing sistema. Maging mga dilawan at

iba pang grupo sa transportasyon na hindi dati sumasama sa tigilpasada ay nakiisa sa malawakang pagkilos.

Naparalisa ng tigil-pasada na pinangunahan ng Pinagkaisang Samahan ng mga Tsuper at Operator Nationwide (PISTON) at Kilusang Mayo Uno (KMU) ang 90-95% ng transportasyon sa Metro Manila at mga pangunahing lunsod at prubinsya sa bansa at napilitan ding magbigay ng bahagyang diskwento ang mga pangunahing kumpanya ng langis.

Bunsod nito, idineklara ng PIS-TON na patuloy nitong igigiit ang signipikanteng rolbak sa presyo ng langis at ang pagbasura sa oil deregulation law. Binatikos ng PIS-TON ang 50 sentimong diskwento sa presyo ng langis na inaprubahan ng Caltex, Shell at Petron dahil katiting lamang ito kung ikukumpara sa kanilang superganansya sa nakaraang pitong taon bunga ng deregulasyon sa industriya ng langis. Di magtatagal at maglalaho rin ang epekto ng diskwentong ito dahil muling magtataas ng presyo ng kanilang mga produkto ang mga dambuhalang kumpanya ng langis.

Sa Metro Manila. Bukod sa PISTON, sumama sa welga ang mga pangunahing organisasyong pantransportasyon tulad ng PCDO-ACTO, FEJODAP at Integrated Metro Bus Operators Association (IMBOA) at maging mga drayber ng mga FX na taksi. Bago magtanghali ng

Nobyembre 25 ay umabot na sa 90% ng mga pampublikong sasakyan ang huminto sa pagbyahe.

Sa Central Luzon. Iniulat ng PISTON na 100% paralisado ang pampublikong transportasyon sa Bulacan, 80% sa Nueva Ecija, 70% sa Tarlac at 98% sa Pampanga. Sa Bataan, Zambales at Aurora, 100% ang paralisis.

Sa Pangasinan, 18 grupo ng transportasyon ang sumali sa welga, pati ang mga hindi kasapi ng PISTON.

Sa Northern Luzon. Pinaralisa ng PISTON-Baguio ang tatlong mayor na ruta sa Baguio City mula ala-7 ng umaga hanggang tanghali. Sumama rin sa welga ang mga dyip na bumibyahe patungong Benguet.

Sa Southern Luzon. Pinangunahan ng Southern Tagalog Transport Sector Organization (STARTER) ang welga sa Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon, kung saan 99% ng mga pampublikong sasakyan ang lumahok sa kilos protesta.

Sa Bicol, 99% ng transportasyon sa Camarines Norte ang paralisado samantalang 95% ng mga dyip at traysikel at 100% ng mga bus at *van* sa Albay at 99% sa Sorsogon ang hindi pumasada.

**Sa Visayas.** Dalawang araw na pinaralisa ng PISTON-Panay ang pampublikong transportasyon at negosyo sa Iloilo City at mga prubinsya ng Iloilo, Aklan at Antique

noong Nobyembre 24 at 25. Sa Iloilo City, huminto sa pagbyahe ang 4,000 na dyip at traysikel. Sumali rin sa welga ang mga dyip, traysikel at mga *ferryboat* sa kalapit na isla ng Guimaras.

Sa Cebu, napilay ang tatlong pangunahing ruta ng transportasyon sa mga syudad ng Mandaue, Lapu-Lapu at Talisay. Pinamunuan ang welga ng Nagkahiusang Drayber sa Sugbo (NADSU).

Sa Negros Occidental, naglunsad ng rali ang mga kasapi ng United Negros Drivers Operators Center (UNDOC) sa Bacolod City.

**Sa Mindanao.** Sa Davao City, 94% ng transportasyon ang paralisado nang umabot lamang sa 500 sa mahigit 9,000 na dyip ang pumasada. Pinamunuan ang kilos protesta ng Transmission-PISTON at KMU.

Sa South Cotabato, Sarangani at General Santos City, 90% ang paralisis ng transportasyon nang karamihan sa 8,000 na traysikel at 3,000 dyip ay huminto sa pagbyahe bago magtanghali.

### Paqtutuwid:

Iniulat sa isyung Nobyembre 21 ng AB na dalawang sundalo ng 41st IB ang napatay sa ambus ng BHB sa Danglas, Abra noong Nobyembre 12. Ayon sa pinakahuling ulat koresponsal, apat na sundalo ang napatay at dalawa ang nasugatan sa pananambang.



Taon XXXV Blg. 23 Disyembre 7, 2004 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Desperasyon ng rehimeng Arroyo, nagpapalala sa terorismo ng estado

mal-dumal na mga krimen laban sa uring manggagawa at magsasaka. Muli nitong pinatingkad ang walang awang pambubusabos sa mga manggaqawa't maqsasaka at ang brutal na paggamit ng terorismo ng estado para yurakan ang kanilang pinakabatayang mga karapatan.

Nag-uumapaw ang galit ng mamamayan sa angkang Cojuangco at mga armadong tauhan ng rehimeng Arroyo sa walang habas na pagpapapatay nito sa mga di armadong mangqaqawa at maqsasaka at sa walang pakundangang paglapastangan nito sa mga demokratikong karapatan sa pag-uunyon, pagwewelga, pag-oorganisa at sama-samang pagkilos

Ang masaker sa Hacienda Luisita ay tanda ng papatinding paggamit ng estado ng terorismo laban mamamayan—karahasan laban sa mga mangqaqawa at maqsasaka upang supilin ang kani-

lang mga karapatan at

mantalahan at inaapi.

ng masaker sa Hacienda Luisita noong Nobyem- busalan ang kanilang mga sigaw. Ang paggamit ng bre 16 ay maitatala bilang isa sa pinakakaru- terorismo ay palatandaan hindi ng lakas ng estado,

> kundi ng ibayong pagkabulok nito at kaakibat na desperasyon sa harap ng tumitinding krisis ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal.

Ang ibayong paggamit ng rehimeng Arroyo ng terorismo ay lubos na sinusuportahan ng imperyalismong US na lalu-

> Sariwa pa ang dugong dumanak sa Hacienda Luisita ay pinarangalan na ng imperyalismong US si Arroyo at hinirang na reyna ng "kontra-terorismo" Asia-Pacific.

pang nalululong sa militarismo.

Habang tumatagal, lalong sumasandal si Arroyo sa Armed Forces of the Philippines (AFP). Kapalit ng tinatamasa yang suporta ng militar, ginagawa Arroyo ang lahat upang makuha ang katapatan ng mga upisyal ng mili-



Mga tampok sa isyung ito...

18 armas, nasamsam sa Bulacan

PAHINA 5

**Edukasyong Pilipino:** Komersvalisado at maka-dayuhan

PAHINA 7

Ugnayan ng mga kontra-rebolusvonarvo PAHINA 11

### Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang sinundang pahina, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click ang Properties
  - d) I-click ang Advanced
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*